# Kalayaan-TK

**OPISYAL NA PAHAYAGAN NG**
**KABATAANG MAKABAYAN TIMOG KATAGALUGAN**

**ESPESYAL NA ISYU**
**NOBYEMBRE-DISYEMBRE 2024**

## Ipagbunyi ang ika-60 Anibersaryo ng Kabataang Makabayan (KM)! Militanteng Mag-aral at Makibaka para sa Pambansang Demokrasya!

*Opisyal na Pahayag ng Kabataang Makabayan - Timog Katagalugan sa ika-60 Anibersaryo ng KM*

**Sa kaparehas na araw ng kapanganakan ni Gat Andres Bonifacio, itinatag noong 1964 ang Kabataang Makabayan tanda ng pagpapatuloy ng pakikibaka ng mamamayang Pilipino sa bago nitong tipo—ang pambansa-demokratikong pakikibaka na may sosyalistang perspektiba. Naging gulugod ang KM sa muling pagkakatatag ng Partido Komunista ng Pilipinas noong 1968 at Bagong Hukbong Bayan noong 1969.**

Sa pagputok ng krisis ng malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino sa ilalim ng diktadurya ng rehimeng US-Marcos I, ang KM din ang nanguna sa pag-oorganisa sa hanay ng mga kabataan at mamamayang Pilipino upang makonsolida ang angking-lakas nito hanggang sa magresulta ito sa sunod-sunod at papalaking aksyong masa. Ito ang naging pundasyon para sa tuloy-tuloy na pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan, partikular din sa Timog Katagalugan.

Mula sa mga ipinadalang abanteng elemento ng KM sa pambansang saklaw patungo sa ating rehiyon, mabilis itong lumawak sa hanay mga kabataang estudyante, guro, at mga manggagawa. Naitayo ang mga balangay ng nito sa mga sentrong paaralan, pagawaan, syudad, at probinsya ng Timog Katagalugan. Ito rin ang nasa likod ng matagumpay na mga malawakang pagkilos para sa mga batayang karapatan sa ating rehiyon, dahilan para lalo pang lumawak at lumalim ang pag-ugat nito sa mga mamamayan.

Patuloy na nagpupunyagi ang Kabataang Makabayan sa Timog Katagalugan sa kabila ng marahas na atake ng reaksyunaryong estado sa hanay ng mga rebolusyonaryong pwersa at mamamayan. Matagumpay nating nabalikan ang mga naiwan nating base at muling napapakilos ang mga ito para sa interes ng pambansa demokratikong rebolusyon! Ito ang nagpapatunay na nananatiling wasto, makatarungan, at maka-masa ang ating mga mithiin. Bukod dito, patuloy rin na nagiging balon ng mahuhusay na kadre ng Partido at kumander ng Bagong Hukbong Bayan ang mga kabataan sa ating rehiyon.

Sa kabilang banda, malaking hamon sa mga kabataan na mabantayan at maiwaksi ang kulturang burges na labis na nagpapalala sa indibidwalismo at nagpapahiwalay sa atin mula sa masa. Ang palagiang pag-aaral ng mga araling Marxismo-Leninismo-Maoismo, mga sulatin ni Jose Maria Sison, at mga aral ng ating rebolusyon ang makatutulong sa ating... *(pahina 2)*



(*... mula sa pabalat)* puspusang pagpapanibagong-hubog. Ito ang matibay nating armas laban sa walang-puknat na kahayupan ng reaksyunaryong rehimeng US-Marcos Jr. sa kasalukuyan.

Sa Timog Katagalugan, lalong tumitindi ang mga manipesta-syon ng nagnanaknak na krisis ng lipunang malakolonyal at malapy-udal. Nananatiling barat ang pasahod ng mga kapitalista sa mga manggagawa sa rehiyon, kung saan nakapako sa P560 ang minimum wage, malayo sa P1,129 na family living wage. Sa hanay naman ng mga magsasaka, numero unong problema pa rin ang kawalan ng lupang sakahan. Lugmok na nga sa pasakit na dala ng mga sakuna, lalong hindi ligtas sa pagpapahirap ng mga pangi-noong maylupa ang mga magsasaka sa rehiyon.

Isa ang sektor ng kabataan sa apektado ng tumitinding krisis. Sa ilalim ng neoliberal na edukasyon, walang ibang hahantungan ang kinabukasan ng mga estudyante kundi murang lakas-paggawa at pang-aalipin mula sa ibang bansa. Dagdag pa rito ang lantarang pagsupil ng AFP-PNP at NTF-ELCAC sa kalayaang pang-akademiko at iba pang demokratikong espasyo ng mga kabataan at estudyante ng Timog Katagalugan. Nariyan ang pagratsada ng RTF-ELCAC IV-A ng isang resolusyon na nagtutu-lak ng "national security awareness sessions" na layong pigilan ang umano'y rekrutment ng kabataan sa New People's Army (NPA).

Kasabay ng matinding epekto ng pagtapyas ng rehimeng US-Marcos Jr. sa pondo sa edukasyon, nanghihimasok din ang mga reaksyunaryong arma-dong pwersa ng estado sa mga paaralan sa lahat ng antas sa tabing ng mga national security seminar at community informa-tion awareness approach pro-gram upang lasunin ang kaisipan ng mga kabataan at estudyante.

Pilit din nilang itinutulak ang pag-kakaroon ng mandatory ROTC upang maging reserbang hukbo ng AFP ang mga estudyante at magamit sila sa gerang inilulun-sad ng rehimeng US-Marcos Jr. laban sa mga mamamayan, at habang hinahatak ang bansa sa inter-imperyalistang girian ng US at Tsina.

Hamon sa atin na na palagiang pag-aralan ang lipunan, kasabay ng pag-aaral sa kilos ng kaaway, upang matama nating maibagsak ang lahat ng mga pagtatangka ng mga reaksyunaryo na wasakin ang pagkakaisa ng mga kabataan at mga mamamayan at pahinain ang militanteng pakikibaka ng Timog Katagalugan.

Mapanlaban nating tungkulin na puspusang pukawin at organisahin ang mga kabataan at estudyante at mamamayang Pilipino at akayin sila sa landas ng rebolusyonaryong paglaban.

Paghalawan natin ng inspirasyon ang buhay na inialay ng mga kabataang martir ng Timog Katagalugan mula kina Jessica Sales, Leticia Ladlad, Rizalina Ilagan, Melito Glor, hanggang sa mga martir ng kasalukuyang panahon na sina John Carlo Alberto, Jethro Isaac Ferrer, Jian Markus Tayco, at Jethro Magtira.

Mahaba pa ang ating laban para sa tunay na malayang lipunan ngunit kung isasabuhay natin ang mga aral mula sa panahon nina Gat Andres Bonifacio hanggang sa kasalukuyang yugto ng ating pakikibaka, tiyak ang tagumpay sa pagsusulong natin ng pambansa-demokratikong rebolusyon na may sosyalistang perspektiba! #




## Sulong, Kabataan ng Timog Katagalugan! Dakilain ang huwarang gabay ng Partido Komunista ng Pilipinas! Magwasto at Magbalikwas hanggang sa tagumpay ng bukas!

*Opisyal na Pahayag ng KM-TK sa ika-56 na Anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas*

Nababalot ng ligalig ang buong bansa. Kabi-kabila ang krisis na ating danas -- mula sa pahirap na sosyo-ekonomikong krisis, hanggang sa krisis sa kultura, pati na rin sa pandaigdigang krisis pangklima at kapaligiran. Sa Pilipinas, dama ang pasis-mong hatid ng rehimeng US-Marcos. Sa buong daigdig, ang mapanghasik na lagim ng galamay ng Imperyalismo ng Estados Unidos. Ngunit, sa gitna ng ligalig at pangamba, may-roong nag-iisang tiyak: ang pag-balikwas ng sambayanan.

Nahaharap ng bansa at ang bawat Kabataang Makabayan sa isang napapanahong sandali kung saan nasasadlak sa pader at tuluyan nang nailalantad ang kabulukan ng Rehimeng US-Marcos-Duterte sa mama-mayan.

Kinaharap ng sambayanan ang labis na kahirapan dahil sa pag-bagsak ng lokal na produksyon at pananatiling atrasado ga-waing agraryo. Dagdag pa rito ang inutil, pabaya, at kakaram-pot sa suportang pang sakuna at pangkalusugan na nagbun-sod ng maraming pagkasawi sa mga nagdaang kalamidad.

Sa gitna ng lahat ng ito ay nagawa pa ng Rehimeng US-Marcos-Duterte na magka-roon ng kakatwang sigalot sa gitna ng kanilang hanay. Pinapa-kita lamang ng alitang ito sa gitna ng mga naghaharing uri na wala silang anumang pinapabo-ran at pinagsisilbihan kung hindi ang kanilang mga sarili lamang.

Marapat lamang na samantala-hin natin ito, at paborableng ikabig ang sambayanan na mag-kapit-bisig upang tuluyang pu-kawin ang mga naghaharing uri.

(*pahina 8*)



# Liham para kay Karina

## Sa gitna ng pangamba

Militanteng pagbati,
Kasamang Karina!

Hindi lingid sa ating lahat ang papalalang krisis ng ating lipunan. Litaw rin sa ngayon ang hidwaan maging sa panig ng mga naghaharing-uri. Ebidensya ito sa away aso't pusa ng pangkating Marcos Jr. laban sa mga Duterte. Sa gitna ng lahat ng ito, naiipit ang mamamayan sa kahirapan at pasismong patuloy lamang lumalala.

Dahil dito, marami sa aking mga kasama, partikular sa mga kabataang petiburges ay pangingibabawan ng takot, pangamba, at kawalan ng pag-asa. Malimit na kanilang nagiging takbuhan sa ganitong mga panahon ay pagsandig sa kanilang mga burges-dekadenteng tendensiya at escapism na kalaunan ay nagbibigay-daan sa indibidwalismo.

Ano kaya ang maaaring maging mainam na suporta at tulong ang maibibigay sa isa't isa sa ganitong mga panahon? Ako ay nangangamba at nagnanais ng gabay upang makatulong sa aking mga ka-kolektib?

Umaasa,
***Ka Ningning***

## *Para kay Kasamang Ningning*

Ka Ningning,

Hindi biro ang kinakaharap nating krisis sa ating bansa. Hindi na lamang ito kulong sa sosyo-ekonomikong krisis, ngunit nagpapatuloy na lumalala kasabay ng umiigting na pasismo. Sadya ang ganitong patakaran sa ilalim ng ating lipunang malakolonyal at malapyudal. Ang inyong nararamdamang takot at pangamba ay normal lamang at hindi dapat isawalang-bahala. Malaki ang gampanin ng kolektibong pamumuhay sa pagbibigay ng wastong suporta at safe space para sa mga kasama.

Bilang parte ng mga kabataang nasa uring petiburges, hindi maiiwasan na magkaroon ng mabuway na paninindigan dahil na rin sa makauring interes. Kaya't kailangan natin itong pangibabawan. Paano nga ba? Madali lang naman, mga kasama.

Kailangan nating magkaroon ng bukas na komunikasyon sa mga kasama, partikular sa ating mga ka-kolektib. Gaya nga ng palagi nating binibigkas, lahat ng bagay ay may dalawahang panig. Maibibigay lamang ang suportang ating kinakailangan kung ito ay ating maalwang naibabahagi sa mga kasama. Huwag kaligtaan ang palagiang kumustahan at PPS (pagpupuna at pagpupuna sa sarili) upang ma-ugat ang anumang kahirapan, takot, at agam-agam ng isa't isa. Iwasan ang pag-iral ng liberalismo sa ubod ng ating mga organisasyon. Bukod pa rito, ugaliin din nating maglunsad ng mga reading program upang maarmasan ang ating ideyolohiya na makatutulong upang maigpawan ang ang ating mga kontradiksyon.

Sa ganitong paraan makakatulong na maibaling ang kaisipang burges-dekadente at liberal na mga kasama tungo sa isang malusog na kolektibong pamumuhay. Ugatin natin ang dahilan ng ating mga takot at pangamba, at kung bakit ba patuloy ang pasismo ng estado. Kailangan nating magpanibagong hubog upang mapawi ng burges na kultura at liberalismo sa ating hanay. Ang dalawang nabanggit ang siyang nagbibigay daan sa indibidwalismo na siyang gustong mangyari ng kaaway. Kailangan nating maging matatag at matatas, magwasto at magbalikwas!

Hanggang sa tagumpay,
***Karina Mabini***

## Muling palakasin ang rebolusyonaryong kilusang kabataang estudyante sa isla ng Mindoro! Kabataan, isanib ang husay at talino para sa interes ng mamamayang Mindoreño! Itakwil at labanan ang terorismo ng rehimeng US-Marcos II!

*Pahayag ng Kabataang Makabayan-Mindoro sa okasyon ng Pandaigdigang araw ng mga Estudyante*

Mainit na rebolusyonaryong pagbati ang ipinapaabot ng Kabataang Makabayan-Mindoro sa lahat ng kabataang estudyante sa pagdiriwang ng Pandaigdigang Araw ng mga Estudyante sa buong mundo ngayong ika-17 ng Nobyembre.

Malaki at krusyal ang naging tungkulin ng mga kabataang estudyante sa pagsusulong ng pambansa-demokratikong pakikibaka ng mamamayang api sa buong daigdig. Dapat balikan ang militanteng kasaysayan ng kabataang estudyante at kapulutan ng aral ang mayamang karanasan ng aktibismo upang maging gabay sa ibayong pagsulong at muling pagpapalakas ng kilusang kabataang estudyante.

Ginugunita tuwing ika-17 ng Nobyembre ang Pandaigdigang Araw ng mga Estudyante bilang tanda ng brutal na pamamaslang at panunupil ng rehimeng Nazi sa Prague, Czech na nag-resulta sa pagkamatay ng isang estudyanteng lumahok sa demonstrasyon noong 1939. Sinundan ito ng pag-masaker sa siyam na estudyante at guro na kabilang sa mga dumalo sa libing ng namatay

*(ipagpapatuloy sa pahina 7)*

*Nais mo bang magpadala ng pabatid, humingi ng payo, o katanungan sa "Liham para kay Karina"? Maari itong ipadala sa pamamagitan ng e-mail sa kalayaantk@proton.me*

# Anim na dekada ng Kabataang Makabayan, ipinagdiwang sa buong Timog Katagalugan!



Nakiisa ang mga rebolusyonaryong pwersa ng Kabataang Makabayan ng Timog Katagalugan  malawakang pagdiriwang ng ika-60 anibersaryo ng pagkakatatag nito. Makikita sa iba't ibang larawan ang malikhaing mga aktibidad at pagtatanghal na inihanda ng iba't iba nitong balangay sa Timog Katagalugan.

Sa lalawigan ng Quezon ay nagsagawa ang ilang mga miyembro ng KM sa pagpinta ng pagdakila sa mga martir at higit pang pagpapaingay sa mga panawagan kaugnay ng pambansang demokratikong pakikibaka. Nagkaroon din ng malawakang pagdiriwang ang mga miyembro ng KM upang parangalan ang mga martir ng sambayanan at pagdakila sa mga aral at alaala nina Prop. Jose Maria Sison at makabuluhang gabay ni Josephine "Ka Sandy" Mendoza. Patuloy na nagkakaisa ng Kabataang Makabayan ng Timog Katagalugan sa kawastuhan ng armadong pakikibaka at sa pakikibaka hanggang sa tagumpay.

Mabuhay ang ika-60 anibersaryo ng Kabataang Makabayan!



# Digmaa'y Ituloy Hangga't May Isang Ganid!

*Mensahe sa ika-60 Taong Anibersaryo ng Kabataang Makabayan*

**Abet Peninsula | Tagapagsalita**
**KM - Balangay Dani Lagrama**

**Lalawigan ng Quezon**
**Nobyembre 30, 2024**




Pagpupugay sa buong kasapian at mga balangay ng KM! Ngayong araw ay ipinagdiriwang natin ang ikaanimnapung anibersaryo ng ating organisasyon. Ating balikan ang mga tagumpay at karanasan sa anim na dekada na pagsusulong ng pambansa demokratikong pakikibaka ng sambayanang Pililipino. Ating iwasto ang mga kahinaan, mga maling tendensiya at kakapusan upang muling mapakilos ang higanteng lakas ng masa na siyang aagaw ng pampulitikang kapangyarihan at magtatayo ng sosyalistang estado sa bayang Pilipinas.

Sa nagdaang mga dekada nagsilbi ang KM-Quezon bilang paaralan ng napakaraming mga Kadre at Aktibistang Masa na kalaunan ay tumungo sa mga larangan ng digmang bayan upang magsilbi sa mas malawak na hanay ng magbubukid. Ang mga dakilang martir tulad nina Melito Glor ng Atimonan, Abet Enriquez ng Lucena City at Dani Lagrama ng Pagbilao ay ipinunla ng kilusang kabataan ng probinsya, sumibol at yumabong ang kanilang lakas at talino sa piling ng uring api.

Masusi, mapagpasiya at makabuluhan ang nagawa ng KM-Quezon sa pagsulong ng kilusang masa sa probinsya, pinangunahan nito ang pakikibaka ng mga kabataan sa kampus para sa dagdag badyet sa edukasyon, kalayaang pang-akademiko, at iba pang usapin ng sektor ng kabataan. Hindi nakulong sa mga kampus ang pakikibaka ng kabataang Quezonin, nanguna din sila sa laban ng manggagawa at magbubukid para sa lupa, sahod, trabaho, at karapatan.

Ang KM ay may mahalagang ambag upang mabilis na masaklaw ng pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas ang Quezon. Ipinadala ng Partido ang mga kadreng kasapi ng Kabataang Makabayan mula sa kalunsuran na produkto ng Sigwa ng Unang Kwarto, at katuwang ang mga naunang kasapi ng KM sa lalawigan ay naitayo ang larangang gerilya sa probinsya.

Bilang mga kabataang kadre at lider ng rebolusyon, naging aktibo sila sa gawaing pagsisiyasat, pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa bawat anakpawis ng Quezon, na sa kalaunan ay nagdala sa aping mamamayan sa rebolusyonaryong landas.

Sa loob ng maraming taon, paulit-ulit na nasaksihan ang lumalalang krisis sa sistema ng edukasyon sa probinsya. Ang mga pambansang unibersidad, kolehiyo, at pampublikong paaralan ay dumaranas ng kakulangan sa pasilidad at hindi makataong kalagayan. Sa dami ng mag-aaral, 40-60 estudyante ang siksikan sa iisang silid-aralan na pinangangasiwaan ng isang guro, dahilan ng masamang kundisyon sa kanilang pag-aaral at labis na pasaning akademiko.

Ang Southern Luzon State University, ang pinakamalaking unibersidad sa lalawigan, ay haharap sa P2.95 milyong bawas sa 2025 badyet, partikular sa capital outlay, na dapat sanang laan para sa pasilidad at kagamitang pang-edukasyon. Dahil rito, nananatiling luma at di-akma ang kagamitan, kulang ang laboratoryo, computer units, at silid-aralan sa SLSU.

Nararanasan din ng mag-aaral at publikasyong pang-kampus ang lumalalang pasismo. Nakakaranas ang mga estudyante ng pananakot, harassment, at pagmamanman mula sa estado dahil sa kanilang pagpuna sa administrasyon at pamahalaan. Dagdag pa rito, ang mga publikasyong pangkampus ay pinapahirapan ng kawalan ng pondo, censorship, at interbensyon ng administrasyon sa desperado nilang layuning maitago ang tunay na kalagayan ng paaralan.

Matabang lupa ang mga eskwelahan sa Quezon para sa pakilusin ang higanteng laki ng kabataan na dudurog sa komersyalisado, kolonyal, at pasistang tipo ng edukasyon. Ang mga pasistang atake ay nagsisilbi lamang na gasolina upang mas lalong kumalat ang apoy ng rebolusyon sa hanay ng kabataan.

Nakakatiyak ang masang anakpawis sa probinsya na mahaba ang linya ng dugo ng rebolusyonaryong kabataan sa Quezon. Sa gabay ng kasalukuyang kilusang pagwawasto, walang humpay na papalaganapin ng KM - Quezon ang rebolusyonaryong ideya sa mga kampus ng mag-aaral, pabrika ng manggagawa, komunidad ng maralita, at pamayanan ng magbubukid.

Nananatili ang mapanlabang diwa at kapasyahan ng kabataan na ibagsak ang pasistang estado! Walang ibang landas sa pag-unlad at paglaya ng bayan kundi ang pag-aarmas at paglahok sa digmang bayan! #

*(mula sa pahina 3)*
na mag-aaral. Sa Greece, nagsagawa ng malawakang protesta ang mga estudyante ng Athens Polytechnic noong 1973 laban sa namumunong Regime of Colonnels na nagsimula mula ika-14 hanggang ika-17 ng Nobyembre. Tinulak nito ang marami pang kabataang estudyante na tumindig at makibaka sa iba't ibang bahagi ng bansa.




Sa Pilipinas, makabuluhang tungkulin ang ginampanan ng mga kabataang estudyante sa kasaysayan. Nanguna sila sa pagpapakalat ng mga progresibong kaisipang nagpukaw, nag-organisa, at nagpakilos ng daan-libong mga estudyante at mamamayan. Pinanghawakan ng mga nagdaang henerasyon ng kilusang estudyante ang diwa ng paglilingkod sa sambayanan upang labanan ang sumisidhing krisis pang-ekonomya at pampulitika sa bansa.

Pinakatampok sa kasaysayan ng kilusang estudyante sa Pilipinas ang pagkakatatag ng Kabataang Makabayan noong Nobyembre 30, 1964 bilang kumprehensibong organisasyon ng mga kabataang nakikibaka para sa pambansang soberanya, kalayaan at demokrasya. Isa ang KM sa nagpakilos sa laksang mamamayan sa First Quarter Storm (FQS) ng 1970 hanggang sa pagpapabagsak sa diktadurya ng rehimeng Marcos Sr. noong 1986.

Sa buong daigdig, dumadaluyong palabas ng mga unibersidad at kampus ang mga kilusan ng mga kabataang estudyante. Kanilang ganap na naunawaan na pinakamakapangyarihan ang kanilang paglaban kung naisasanib ito nang mahusay sa masang api't pinagsasamantalahan.

Ang KM laluna ay dapat kilalanin para sa mahusay na integrasyon sa batayang masa na naging puhunan ng pagpapanibagong-lakas ng rebolusyon sa Pilipinas noong dekada 60s. Walang pag-aatubiling tumungo at tumutungo sa mga komunidad, pabrika, pagawaan, pangisdaan, sakahan, at lansangan ang mga kabataang estudyante upang makipamuhay, makipag-aralan, at magpakilos sa masang magsasaka at manggagawa. Dito, higit na naunawaan ng mga estudyante ang mas malalaki at mas mabibigat na tungkuling dapat pagsumikapang gampanan.

Gagap ang sariling rebolusyonaryong kasaysayan, patuloy ang pagsisikap ng kilusang estudyante sa isla ng Mindoro na magpalakas upang pagkaisahin ang lahat ng kabataang estudyante sa isla at mahigpit na lumubog sa batayang masa upang ikawing ang lahat ng kampanya at pakikibaka para sa lupa, sahod, trabaho, edukasyon, at karapatan ng mamamayang Mindoreño.

Mula sa mga kampus at paaralan, nakibaka ang kilusang estudyante ng Mindoro kasama ng mga magsasaka para sa tunay na repormang agraryo, ng mga katutubong Mangyan para sa karapatan sa lupang ninuno at pagpapalayas sa mga mapangwasak na dambuhalang negosyo at iba pang pakikibakang masa sa isla.

Produkto't pinanday ng kilusang estudyante sa isla ng Mindoro ang mga mahuhusay na rebolusyonaryong katulad ni Josephine "Ka Sandy" Mendoza na mas kilala bilang Ka Luisa at Ka Marta ng mga katutubong Mangyan sa Oriental Mindoro at Ka Nene sa masang magsasaka sa Occidental. Mula sa pagiging kasapi ng KM hanggang namumunong kadre ng Partido Komunista ng Pilipinas, taglay ni Ka Sandy ang prinsipyo ng pag-aalay ng lakas at talino para sa sambayanan na dapat magsilbing hamon at inspirasyon para sa bagong salinlahi ng mga rebolusyonaryo sa isla.

Bunsod ng nagnanaknak na krisis sa isang malakolonyal at malapyudal na sistemang panlipunan, hindi mapipigilan ng kahit sinumang papet na rehimen ang pag-usbong ng rebolusyonaryong kilusang estudyante na mas pipiliing tahakin ang mahirap na landas ng pagbalikwas sa naaagnas na sistema upang itayo ang isang lipunang kapaki-pakinabang para sa masang anakpawis at kalayaan ng bansa.

Dapat panghawakan ng kilusang estudyante sa isla ng Mindoro ang mayamang karanasan nito sa pakikibaka para sa karapatan at paglaban sa panunupil at terorismo ng estado. Taliwas sa inilalakong patriyotismo ng papet na rehimeng US-Marcos II, hindi sa pagiging sunud-sunuran at pagpapatupad ng Mandatory ROTC at katulad na mga programa maipapamalas ng mga kabataan ang kanilang pagmamahal at pagtatanggol sa bayan.

Batbat ng kasinungalingan at panloloko ang bayaran at berdugong AFP-PNP para iwasiwas ang mga salitang "disiplina," "respeto," at "paglilingkod" samantalang sila'y... *(pahina 8)*




(mula sa pahina 7) ...kinamumuhian na ng masa dahil sa pagiging abusado. Ang PNP ang pumatay sa maraming mga inosenteng kabataan sa ngalan ng huwad na War on Drugs at "gyera laban sa terorismo" ni Duterte. Ang AFP ang mukha ng terorismo sa Mindoro–mula sa pagdukot, sapilitang pagpapasuko, at pananakot sa mamamayan. Sila rin ang sangkot sa pinakahuling kaso ng ekstrahudisyal na pagpatay sa Mindoro: ang brutal na pagpaslang kay Jay-el Maligday, isang kabataang Mangyan at estudyante.

Sa gitna ng pagsasamantala at pagpapahirap sa sambayanan, ang pinakadalisay na pagmamahal sa bayan ay walang iba kundi ang ibagsak ang imperyalismo, pyudalismo, at burukratang kapitalismo na siyang ugat ng kahirapan at pagkaatrasado ng bansang Pilipinas. Ang demokratikong rebolusyon ng bayan ang siyang garantiya upang maibagsak ang tatlong salot na ito at hawanin ang landas para sa tunay na malaya at demokratikong bansang Pilipinas.

Walang patid na makiisa sa pakikibaka ng masang api ang rebolsyonaryong kilusang estudyante. Panata naming ilaan ang talino at husay para sa interes ng mamamayang api sa Pilipinas at saanmang dako ng mundo na may nilulupig ng imperyalismo, rasismo at iba pang anyo ng diskriminasyon. Kaisa kami sa paglaban ng mamamayang Palestino laban sa henosidyo ng Zionistang US-Israel, ng katutubong Adivasi at mamamayan sa India para sa pambansang demokrasya at saanman may mamamayang nakikibaka para sa kalayaan at demokrasya. Puspusang ipangunguna naming mga rebolusyonaryong kabataang Pilipino ang interes ng mamamayang api at ipagsisilbi ang buong lakas, talino, at galing sa pagtatagumpay ng rebolusyong Pilipino bilang dakilang ambag sa internasyunal na pakikibakang anti-imperyalista.

Panawagan ng rebolusyonaryong kilusan ng kabataang estudyante sa isla ng Mindoro sa lahat ng estudyante at kabataang Mindoreño na hawakan ang rebolusyonaryong adhikain ng mga naunang kabataan at maging mga panibagong Ka Sandy/Luisa/Ka Marta/Ka Nene.

Palakasin muli ang kilusang estudyante at pagsilbihan ang mamamayang Mindoreno at sambayanang Pilipino! Buong tatag nating labanan at itakwil ang terorismo ng estado! Panagutin at pagbayarin ang berdugong AFP, PNP-MIMAROPA, at rehimeng US-Marcos II sa lahat ng krimen nito sa mamamayan ng Mindoro!

(mula sa pahina 2) Utang ng rebolusyon at ang patuloy nitong pamamayagpag sa Marxismo-Leninismo-Maoismo--ang ideolohiyang siyang gulugod ng proletaryadong pakikibaka ng mamamayan laban sa tatlong salot ng lipunan.

Sa ika-56 na anibersaryo ng Partido, matimo lamang na palawakin, paunlarin, at palalimin ng pag-gagap rito sa pamamagitan ng pag-aaral, pagwasto, at pagsasapraktika.

Hamon ngayon sa bawat Kabataang Makabayan na magpakadalubhasa, hindi lamang sa numero, kantitatibong datos, at eksaktong siyensiya, ngunit higit pa sa mga ito, ay maging dalubhasa sa larangan ng pakikipamuhay sa sambayanan.

Doon lamang tunay na masusukat ang galing at husay ng isang rebolusyunaryo, kung ito ay may kakayahang manghamig, magmulat, at magpakilos ng laksa-laksa pang mga mamamayan tungo sa pambansa-demokratikong pakikibaka.

Kaya't tulad ng pambansang panawagan ng Partido, tayo ay mag-aral, magwasto, at magbalikwas!

Mabuhay ang Partido Komunista ng Pilipinas na patuloy na sumasandig sa kawastuhan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo!

Mabuhay ang Kabataang Makabayan na patuloy na tumitindig kasama ang batayang masa at laksa-laksang Pilipinong lumalaban patungo sa pambansang demokrasya!

Viva, CPP-NPA-NDF!
Rectify, Advance!